


# EPP-AFA

## Modyul 8: Mahusay na Pagbebenta ng Halamang Ornamental



**EPP-AFA Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Modyul 8: Mahusay na Pagbebenta ng Halamang Ornamental.  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Loralyn D. Casulla  
**Editor:** Jelly M. Flores  
**Tagasuri:** Filip P. Canas  
**Tagaguhit:** Jason C. Borabo  
**Tagalapat:** Jeffrey B. Sape  
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas,  
Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Lita T. Mijares,  
Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis Legaspi City, 4500  
Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373  
E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

**EPP-AFA**  
**Modyul 8:**  
**Mahusay na Pagbebenta ng**  
**Halamang Ornamental**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na layunin;

- Naisasagawa nang mahusay ang pagbebenta ng halamang pinatubo,
- Natutuos ang puhunan, gastos, kita at maiimpok
- Nakagagawa ng plano ng patuloy na pagpapatubo ng halamang ornamental bilang mapagkakakitaang gawain.



## ***Subukin***

Isulat ang **T** kung Tama ang pahayag at **M** kung Mali.

- \_\_\_1. Mayroon tayong dalawang paraan ng pagbebenta, ito ay ang tingian at pakyawan.
- \_\_\_2. Kinakailangang kaakit-akit ang paninda mo.
- \_\_\_3. Maaaring maging maunlad ang tindahan kahit walang ginagawang talaan.
- \_\_\_4. Dapat isaalang-alang ang pagpapalano sa pagtanim ng halamang ornamental.
- \_\_\_5. Ang nagtitinda ay dapat marunong makisama sa mga mamimili.



## Lesson 8

# Agriculture and Fishery Arts: MAHUSAY NA PAGBEBENTA NG HALAMANG ORNAMENTAL

May dalawang paraan ng pagbebenta ng mga halamang ornamental, ito ay ang tuwirang pagbebenta at ang pakyawan. Sa pakyawang pagbebenta, ang halaman ay binibili ng maramihan ng mga konsyumer, samantalang ang sa tuwirang pagbebenta ang mga halaman ay binibili ng paisa-isa ng mga konsyumer at ito ay karaniwang ginagamit ng mga maliliit na naghahalaman.

Ang isang nagnenegosyo ay kinakailangang mayroong talaan ng puhunan at ginastos upang malaman kung siya ay kumita o nalugi. Sa paghahalaman, kailangang marunong magkwenta o magtuos ang may-ari ng tindahan.



Ang pagpaplano ay isang paraan upang maisagawa nang maayos at tumpak ang isang gawain. Ang pagkakaroon ng plano ay nakatutulong upang makatipid ng pera, oras, kagamitan at lakas.





## **Balikan**

Lagyan ng tsek (/) ang  kung ang sitwasyon ay tama at naaayon at  naman kung hindi.

Sitwasyon		
1. Si Manang Maring ay may lisensya sa pagtitinda ng halaman at nagbabayad siya ng tamang buwis.		
2. Isinasaalang-alang ni Aling Rosa ang panahon, mga okasyon at lugar na pagtitindahan.		
3. Gumagawa si Mang Mario at ang kanyang pamilya ng talaan tuwing sila ay nagtitinda ng mga halaman sa palengke.		
4. Nagtatanim ng ordinaryong tanim si Marlyn at hindi siya gumagawa ng talaan.		
5. Hindi sumusunod sa tamang panahon ng pagtatanim ng mga halaman si Lina kung kaya hindi mabenta ang kanyang itinitindang mga halaman.		



## **Tuklasin**

**Awitin Mo:**



### **Magtanim at Magplano**

(sa tono ng magtanim ay di-biro)

Magtanim tayo ng mga halaman  
Tayo'y gumawa ng mga talaan,  
Nang ating malaman puhunan  
at gastos na ating inilaan.

Sa pagbebenta ng halaman  
kailangang tunay ang pagpaplano  
nang sa gayo'y alam mo ang puhunan at tubo.

Sagutin:



1. Ayon sa awit, ano ang dapat gawin upang malaman natin ang puhunan at tubo?
2. Bakit mahalagang pagplanuhan ang pagbebenta ng mga halaman?






## ***Suriin***


**Tandaan mo:**



May dalawang paraan ng pagbebenta ng halamang ornamental. Ito ay ang pakyawan at ang tuwirang pagbebenta. Sa pakyawan, ang halaman ay binibili ng maramihan ng mga konsyumer, samantalang ang sa tuwirang pagbebenta ang mga halaman ay binibili ng paisa-isa ng mga konsyumer.



Sa pagtititinda o pagbebenta ng mga produkto ay may mga alituntuning dapat sundin maging malakihan o maliitan man ang gagawing pagbebenta. Kinakailangang magbayad ng kaukulang buwis at kumuha ng lisensya o pahintulot sa pamahalaan, at higit sa lahat, kinakailangan ding panatilihin ang kalinisan sa lugar ng pagtitindahan.




Kinakailangan ding gumawa ng talaan ng puhunan at ginastos nang sa gayon ay malaman mo o ng nagnenegosyo kung saan siya kumita at nalugi. Sa paghahalaman, kailangan marunong magkuwenta o magtuos ang may-ari ng tindahan upang mabatid ang payak na pagtutuos ng kita. Kinakailangang itala ang halaga ng pinagbilhan, ibawas ang pinagkagastusan sa halaga ng pinagbilhan.



Sa pagtatayo ng taniman ng ornamental kailangang isaalang-alang ang sumusunod:

1. Uri ng lupa na pagtataniman. Kailangan ang lupa ay loam (buhaghag) upang tumubo at lumusog ang mga pananim.
2. Lugar na pagtataniman. Pumili ng lugar na angkop sa mga halamang ornamental.
3. Ang laki ng taniman. Ang katamtamang laki ng taniman ay dapat isaalang-alang upang mapamahalaan ito nang mabuti.
4. Mga kagamitan, panustos para sa abono, gamot pamatay-pesto, at kulisap.



## ***Pagyamanin***

Lagyan ng tsek (/) kung tama ang isinasaad ng pangungusap at ekis (X) kung mali.

\_\_\_ 1. Sa pakyawang pagbebenta, ang halaman ay ibinebenta ng maramihan.

\_\_\_2. Sa tuwirang pagbebenta ang mga halaman ay ibinebenta ng paisa-isa sa mga consumer.

\_\_\_3. Kinakailangang magbayad ng buwis at kumuha ng lisensya sa pagbebenta ng mga produkto lalo na kung ito ay pakyawan.

\_\_\_4. Hindi na kailangang gumawa ng panustos o talaan upang malaman ang kabuuang kita sa pagbebenta ng halaman.

\_\_\_5. Ang anumang gawain ay magiging maayos kapag pinapaplanuhan.



### ***Isaisip***

A. Isulat sa patlang ang **DI** kung dapat isaalang-alang sa pagplano at pagbebenta ng mga halaman at **HD** kung hindi dapat isaalang-alang.

\_\_\_1. Sa pagpapalano ng pagtanim dapat isaalang-alang ang panahon at okasyon upang maibenta ito nang maayos.

\_\_\_2. Magtanim ng mga halamang ordinaryo lamang.

\_\_\_3. Tiyakin na ang pananim ay angkop sa panahon at kaakit-akit sa paningin ng mga mamimili.

\_\_\_4. Sa paggawa ng talaan, kailangang isama mo ang lahat ng mga karagdagang ginastos sa gawain.

\_\_\_5. Sa paggawa ng talaan makikita ang kabuuang ginastos at kita o tubo.



## **Isagawa**

Mamasyal sa mga narseri/green houses at magtanong tungkol sa plano ng pagpapatubo ng halamang ornamental. Gawan ito ng talaan ayon sa plano ng patuloy na pagpatubo nito. Gayahin ang halimbawa:

### Talaan ng Pagtatanim at Pag-aani

Pangalan ng Halaman	Petsa ng pagtatanim	Petsa ng pag-aani
Rosas	January 6-8	February 11-12

Rubriks sa paggawa:

<b>Iskor</b>	<b>Pamantayan</b>
<b>5</b>	Mahusay na naisagawa ang talaan
<b>3</b>	Naisagawa ang talaan subalit hindi naisulat ang mga petsa ng pagtanim at pag-ani.
<b>1</b>	Hindi nakagawa ng talaan.



## **Tayahin**

Isulat sa patlang ang titik **T** kung tama ang pahayag at **M** kung mali. Isulat ang inyong mga sagot sa kuwaderno o sa sagutang papel.

\_\_\_1. Sa pagpapalano ng pagtatanim ng halamang ornamental dapat paghandaan ang mga darating na okasyon tulad ng Christmas, Valentine’s Day, Mother’s Day, Birthday at iba pa.

\_\_\_2. Magtanim ng mga halaman na ordinaryo lamang.

\_\_\_3. Ang mga pananim ay dapat na kaakit-akit sa paningin ng mga mamimili.

\_\_\_4. Ang mga taniman ay dapat na maayos para sa tuloy-tuloy na pagtatanim.

\_\_\_5. Hindi kailangang isaalang-alang kung saan at kailan ipagbibili ang mga produkto.



## ***Karagdagang Gawain***

Alamin kung ano ang mga hayop na mainam alagaan sa inyong lugar.

***Binabati kita at matagumpay mong nasagutan ang lahat ng gawain sa araling ito.***



## Susi sa Pagwawasto

<b>Subukin</b> 1. T 2. T 3. M 4. T 5. T
--

<b>Balikan</b>		Sitwasyon
		1. Si Manang Maring ay may lisensya sa pagtinda ng halaman at nagbabayad siya ng tamang buwis.
	/	2. Isinasalang-alang ni Aling Rosa ang panahon, mga okasyon at lugar na pagtindahan.
/		3. Gumagawa sina Mang Mario at ang kanyang pamilya ng talaan tuwing sila ay nagtinda ng mga halamang sa palengke.
/		4. Nagtanim ng ordinaryong tamim si Marilyn at hindi sya gumagawa ng talaan.
/		5. Hindi sumusunod sa tamang panahon ng pagtanim ng mga halaman si Lina kung kaya hindi mabenta ang kanyang mga itinatandang mga halaman.

**Tuklasin**

1. Ayon sa awit, ang kailangang gawin upang malaman ang puhunan at tubo ay gumawa ng talaan ng gastos at kita.
2. Mahalagang nagpaplano ng pagtitinda ng halamang ornamental para malaman mo na magkakaroon ka ng maganda at kapakipakinabang na pagtitinda o hanapbuhay.

**Tayahin**

1. T
2. M
3. T
4. T
5. M

**Pagymanin**

Depende sa sagot ng mga bata ayon sa kaniyang nakuhang datos.

**Isaisip**

1. DI
2. HD
3. DI
4. DI
5. DI



## ***Sanggunian***

*Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4. Pasig City: Vibal Group, Inc.*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)